Australian Government

VIOLENCE AGAINST WOMEN LET'S STOP IT AT THE START

# Mga gabay para sa mga pakikipag-usap sa mga magkakaiba't-ibang kulturang madla

## Ang pakay nitong dokumento

Upang matiyak na ang lahat ng pakikipag-usap hinggil sa kampanyang Stop it at the Start ay propesyonal, naaalinsunod, at nakahanay sa mga mahahalagang mensahe ng kampanya at mga pangako ng Pamahalaang Australya, itong dokumento ay inihanda para sa media, mga namuhunan at ang komunidad bilang isang pulutong ng mga gabay.

## Pagmemensahe sa nakatuong madla

| | MGA MAHAHALAGANG MENSAHE |
|---|---|
| **Mga pinakamahalagang mensahe** | Ang Stop it at the Start ay isang pangunahing kampanya sa paghahadlang kung paano tayo, bilang mga nasa sapat na edad makakatulong upang malansag ang siklo ng karahasan laban sa mga kababaihan.<br>• Hindi lahat ng pagkawalang-galang sa kababaihan ay humahantong sa karahasan, ngunit ang lahat ng karahasan laban sa mga kababaihan ay nagsisimula sa pagkawalang-galang.<br>• Nagaganap pa rin ang karahasan laban sa kababaihan at hindi pa rin nalulutas ang suliranin.<br>• Bilang mga magulang, tagapag-alaga at miyembro ng pamilya, lahat tayo ay may mga ginagampanang papel para sirain ang siklo ng pagkawalang-galang at sa pinakabandang-huli ay sirain ang karahasan laban sa mga kababaihan.<br>• Ang pagkawalang-galang sa online ay isa sa mga paraan na nagsisimulang magbuo sa mga saloobin na sumusuporta sa karahasan. |
| **Mga nakatagong kalakaran ng pagkawalang-galang** | May mga bago at makapangyarihang mga impluwensya sa online at sa tunay na daigdig na nakakaapekto sa mga saloobin ng kabataan tungo sa pagkawalang-galang sa mga kasarian.<br>• Hindi namamalayan ng mga magulang at taga-impluwensya ang mga pag-uusap na ginagawa ng kabataan sa online. Ito ay nagtutulak ng napakalaking agwat sa nalalaman at pang-unawa ng mga magulang.<br>• Ang ating mga anak ay nagbubuo ng kanilang mga paniniwala sa daigdig na nakapalibot sa kanila — kung ano ang kanilang naririnig, nakikita at napag-uusapan tungkol sa mga bagay sa paaralan, sa mga kaibigan at sa online. |

| | |
|---|---|
| | • Nakakaapekto ang mga algorithms ng sosyal media sa kung ano ang ating nakikita. Maraming algorithms na ipinasadya ang pagkakagawa nila para ipakita sa atin ang nilalaman na inuugnayan natin ng malimit. Halimbawa, kung lalong mag-uugnay ang kabataan sa isang ikinarga (post) sa pamamagitan ng pagla-like (liking), pagkokomento, o pakikibahagi, mas madaling mangyari na umpisang makikita nila ang mga kaparehong ikinarga (post) tungkol sa paksa na nasa kanilang isinalang (feed).<br>• Hindi natin maii-purga (censor) o pahupain (moderate) ang walang paggalang na nalalantad ang mga kabataan sa online, ngunit makakagawa tayo ng mga hakbang na mas maunawaan kung ano ang kanilang nakikita at naririnig. |
| **Malaganap na panawagan upang gumawa ng aksyon** | Alam mo ba kung ano ang nag-iimpluwensya sa iyong mga anak?<br><br>Alamin ang mga nakatagong kalakaran ng pagkawalang-galang bago pa ito humantong sa karahasan sa respect.gov.au<br><br>Karahasan laban sa mga kababihan. Patigilin natin ito sa simula pa lang. |
| **Ang panawagan sa MGA TAONG NAGMULA SA NAGKAKAIBA'T-IBANG KINAGISNANG KULTURA AT WIKA (CALD) upang gumawa ng aksyon** | Alam mo ba kung sino ang nag-iimpluwensya sa iyong mga anak?<br><br>Alamin ang nasa online na kalakaran ng walang-galang bago pa ito humantong sa karahasan sa respect.gov.au<br><br>Karahasan laban sa mga kababaihan. Patigilin natin ito sa simula pa lang. |

# Mga malimit na katanungan

## Ano ang kampanyang Stop it at the Start?

- Ang Stop it at the Start ay isang pangunahing kampanya sa paghahadlang na ang pakay ay bigyang katapusan ang batay-sa-kasarian na karahasan sa pamamagitan ng pag-iimpluwensya sa mga saloobin at pag-uugali na sumusuporta o kinukunsinti ang nakabatay-sa-kasarian na karahasan.
- Ang kampanya ay isang mahalagang inisyatiba upang makontra ang negatibo at marahas na mga impluwensya sa online na nakakaapekto sa paraan ng pag-iisip ng mga kabataan tungkol sa paggalang.

- Ang Stop it at the Start ay nakabatay sa malawak na pananaliksik, na naghayag na mayroon na ngayong matinding kasingkahulugan (contextual) na pagpaling sa pagitan ng mga saloobin at pag-uugali ng mga kabataan at may-edad na taga-impluwensya sa pagdami ng mga bagong makapangyarihang impluwensya sa online at offline.
- Para sa ika-5 yugto, ang pokus ay hikayatin ang mga may-edad na muling-itatag ang suliranin sa kanilang mga sariling kaisipan, punuan ang mga puwang sa sarili nilang pag-uunawa at magkaroon ng mga pakikipag-usap sa mga kabataan ng kanilang mga buhay tungkol sa kung ano ang nag-iimpluwensya sa kanila.

## Kailan at saan paaandarin ang kampanya?

- Ang kampanya ay paaandarin sa telebisyon, online na video, sosyal media, mga online na paghahanap (search), halimbawa Google at sa sinehan (cinema) mula sa ika-17 ng Hunyo 2024 hanggang ika-3 ng Mayo 2025.
- Ang pag-aanunsyo ay susuportahan ng malawakang-saklaw (comprehensive) na istratehiya sa pampublikong pakikipag-relasyon, kabilang ang pakikipag-ugnayan sa media, ipinasadyang mga mapagkukunan at mga gamit (tools), pakikipag-ugnayan sa komunidad at sa isang website ng kampanya.
- Ang kampanya sa pagpapa-anunsyo ay isinalinwika sa 4 na mga wika: Arabic, Cantonese, Mandarin at Vietnamese.
- Kabilang sa website ng kampanya ay isang pasadyang gamit (bespoke tool) na ang tawag ay Algorithm ng Pagkawalang-galang™ (Algorithm of Disrespect™ ) – na dinisenyo upang gayahin ang isang karanasan ng kabataan sa sosyal media upang ipakita ang mga impluwensya na kinalantaran nila.

## Sino ang tinutukoy sa kampanya?

- Tinutukoy ng kampanya ang mga may edad na may mga kabataang nasa edad na 10-17 taon sa kanilang mga buhay at hinihimok sila na alamin ang higit pa tungkol dito sa mga nakatagong kalakaran ng walang paggalang. Ang mga magulang, tagapag-alaga, tagapag-bantay o kahit na mga tagaturo sa isport (coaches), mga guro at namumuno sa komunidad ay may mahalagang ginagampanang papel sa paghubog ng mga niloloob at paniniwala ng mga kabataan.
- Pakay ng kampanyang Stop it at the Start na lumikha ng pagbabago sa henerasyon. Natututo sa atin ang mga bata. Kaya, bilang mga magulang, miyembro ng pamilya, mga guro, tagaturo, taga-empleyo, mga lider ng komunidad at mga huwarang tao, lahat tayo ay dapat na magtatag ng isang pamantayan para sa kung ano ang katanggap-tanggap at ang hindi katanggap-tanggap, simula pa sa umpisa.

## Mayroon bang mga mapagkukunan na nakasalin-wika?

- Ang mga nakasalin-wika na mapagkukunan sa yugtong ito ay:
  - Ang Pambulsang Gabay sa May-galang na Mga Pakikipag-usap (The Pocket Guide to Respectful Conversations)
  - Ang Gabay sa Nakatagong Mga Kalakaran ng Pagkawalang-galang (The Hidden Trends of Disrespect Guide)
  - Ang Gabay sa Suliranin (The Issue Guide)
- Itong mga mapagkukunan ay nakasalin-wika sa 11 mga wika ng kampanya: Arabic, Cantonese, Filipino (Tagalog), Hindi, Hazaragi, Korean, Mandarin, Nepali, Punjabi, Thai, at Vietnamese. Makukuha sa pamamagitan ng pag-download sa website ng kampanya.

## Ano ang mga inaaasahang epekto ng kampanya?

- Ang pinakamahalagang pakay ng kampanya ay upang mahadlangan ang nakabatay-sa-kasarian na karahasan sa pamamagitan ng pag-iimpluwensiya sa mga saloobin at pag-uugali na sumusuporta o pumapayag sa nakabatay-sa-kasarian na karahasan.
- Inaasahan na ang kampanya ay:
  - Magdadagdag ng kamalayan at pagkaunawa sa mga may edad tungkol sa  bago, negatibong mga impluwensya na nakakaapekto sa mga saloobin at pag-uugali ng kabataan sa dako ng pagkawalang-galang at karahasan laban sa mga kababaihan.
  - Magdadagdag ng pagkaunawa sa mga may edad na taga-impluwensya tungkol sa kahalagahan ng pagkakaroon ng maagap at patuloy na mga pakikipag-usap sa mga kabataan tungkol sa pagkawalang-galang at karahasan laban sa mga kababaihan.
  - Magdadagdag sa dami ng mga may edad na taga-impluwensya sa paghahanap ng impormasyon para sa pakikipag-usap sa mga kabataan tungkol sa bago, negatibong mga impluwensya sa mga kabataan hinggil sa pagkawalang-galang at karahasan laban sa mga kababaihan.

## Ano ang Algorithm ng Pagkawalang-galang™ (Algorithm of Disrespect™ )?

- Ang Algorithm of Disrespect™ ay isang kagamitan para sa pagkatuto (interactive educational tool) na tinutularan ang nagiging karanasan ng isang kabataan sa online.
- Ito ay nakadisenyo para ipakita at maturuan ang mga may edad tungkol sa bago, nakatagong mga uri ng pagkawalang-galang na inuugnayan ng mga kabataan araw-araw sa online.
- Kapag naranasan na magamit itong educational tool, makikita kung gaano kadali na lumalabas sa feed ng sosyal media ng isang kabataan ang nakakasira at walang galang na nilalaman (content) at ganun na lang kadali para palabasin na katanggap-tanggap ang walang paggalang.